# *At Mula Noon*

Tunay na kay inam na makabalik at mapakinggan ang kapatid na lalaki, ang pastor, na magbigay ng patotoo ukol sa biyaya ng Diyos, kasama ang kanyang munting anak na babae. Ganyan nga ang Panginoong Jesus, na gagawin mismo ang ganyang mga bagay. Tunay nga.

2 Ngayon, labis tayong natutuwa, ngayong gabi, na kasama natin, ang isa sa mga bisita natin dito sa, gaya ng tawag natin dito, gawain ng pananalangin sa bisperas ng Bagong Taon, ang isang mabuti kong kaibigan, si Kapatid na Ernie Fandler, na isa sa mga naakay sa Panginoong Jesus Cristo, na isang tropeo ng biyaya. Siya ay tubong Switzerland, 'yun ang pinanggalingan niya. At sa palagay ko, kasama niya ang isang kapatid, na kasalukuyan silang naninirahan ngayon sa Shawano, isang Aleman ang lahi, si Kapatid na Waters. Masaya tayo na makasama sila ngayong gabi.

3 Pagkatapos, gayundin, kasama natin ngayong gabi, ang isang—isang minamahal na kapatid sa pananampalataya, mula Timog Aprika, si Kapatid na David duPlessis. Masaya tayo na makasama natin siya, din naman. At kami, si David at ako, ay—ay umaasa, nananalangin, sa Panginoon, na pagkalooban kami ng ilang dakilang gawain na magkasama, sa parating na taon na ito, sa Aprika at sa iba't ibang bahagi ng mundo. Narito ngayon si Kapatid na David para pag-usapan, at ipanalangin ito, sa pagitan ngayon at Lunes, para magpasya kung kailan at saan, sa—sa Aprika, at sa iba't ibang bahagi ng mundo pupunta. Mangyari nga, na si Kapatid na David ay may napakahalagang tungkulin sa Pandaigdigang Kapulungan ng Pentecostal, at kilalang-kilala rin sa maraming tanyag na mga pinuno ng relihiyon sa buong mudo. At naging lubhang maimpluwensya sa panghihikayat at pagbubunsod, sa abot na ng narating natin ngayon, para tumulong na paglakipin ang Katawan ni Cristo, mula sa lahat ng mga denominasyon ng pananampalataya. Anuman ang (kanilang) iglesyang mayroon sila, o anuman ang (kanilang) hero na iminarka sa kanila. Ang mahalaga'y Ito, ang Iglesya, Na pinagbuwisan ng buhay ni Cristo.

4 At madalas kong naiisip 'yun. Tumutulong ako dati sa pagpapastol ng mga baka, maraming beses, doon sa Kanluran. Umaakyat kami, Kapatid na David, at nauupo roon kung saan itinataboy nila ang mga baka sa mga bakod na pangharang, paakyat sa kabundukan, para pakainin ang mga baka sa. . . malaya silang manginain sa mga pastulan, sa. . .ng kagubatan. Habang, tumutubo ang mga damo sa mga kapatagan sa ibaba, mga ligaw na damuhan. Pagkatapos ginagapas nila ang damuhan, at ipinapakain ang mga 'yun sa mga baka sa

panahon—panahon ng taglamig, kung kailan umuulan nang husto ng niyebe, doon sa kabundukan.

5 At nauupo ako noong araw sa ibabaw ng kabayo at pinapanood ang mga tanod na pinapapasok ang mga baka; at bawat rantso, sa ibaba, na may kakayahang makapaggapas ng santoneladang dayami. Kung kaya nilang makapag-ipon ng limampung tonelada ng dayami, ang ibig sabihin nun maaari silang makapaglagay ng limampung baka. Kung kaya nilang makapag-ipon ng sanlibong tonelada ng dayami, maaari silang makapagpapasok ng sanlibong ulo ng baka. Bawat tao, may kanya-kanyang hero para sa kanyang mga baka. Binabantayan nila ang mga hero, hayan nga, ng iba't ibang rantso, para di nila mapaghalo-halo ang mga 'yun. At pagkatapos kapag ang. . .

6 Yung tanod, hindi siya gaanong interesado kung anong uri ng hero ang pumapasok, dahil naroon ang lahat ng uri ng mga hero. Pero may isang bagay na talagang kinakailangan niyang tingnang maigi, 'yun 'yung etiketa ng dugo. Kinakailangan kasi na rehistradong Hereford ang mga baka, o hindi sila makakapasok sa tarangkahan. Pababalikin nila ang mga 'yun. Kita n'yo?

7 At sa tingin ko'y magiging ganoon sa Paghatol. Hindi kung anong uri ng hero ang dala-dala natin, kundi kung naroon ba ang etiketa ng Dugo. Yun ang bagay na—na mahalaga, 'yung etiketa ng Dugo.

At masayang-masaya ako na makapiling natin si Kapatid na David.

8 At nakita kong narito si Kapatid na Estle Beeler kani-kanina lang. Nakita ko siyang tumayo riyan sa likod, mula sa kung saan. At ang iba pang ministro na gusto nating marinig, ngayong gabi. At, pagkatapos, sa palagay ko si Kapatid na Ruddell at ang iba pa'y magdadatingan, dahil mananatili sila hanggang hatinggabi.

9 Kaso, hindi makakapanatili si Kapatid na David hanggang hatinggabi. Siya'y laging hinahanap-hanap, sa lahat ng dako. At noong nabalitaan nga ni Kapatid na Rodgers na narito siya, aba, nagpasabi siya't papupuntahin siya roon ng alas diyes. Kaya ibig sabihin nun aalis na siya rito, maya-maya, para makarating doon sa timog ng Louisville.

10 At naisip kong magiging maganda, kung ayos lang kay Kapatid na David, kung—kung pasampahin natin siya't sabihin lang niya sa atin kung anong nasa puso niya, mangaral para sa atin, gawin kung ano man ang inilalatag ng Panginoon. Gusto nating marinig si Kapatid na David duPlessis, mula sa Timog Aprika.

11 Hayaan n'yong sabihin ko ito. Na noong naroon ako, doon sa Aprika, sa malawakan kong kampanya na ibinigay ng Panginoon sa atin doon, ang kapatid niya ang interpreter ko, si Kapatid na Justus. Sa pagkakaalala ko ang pangalan niya'y

Kapatid na Justus. At isa talaga silang mabuting pamilya, ang magkakapatid na duPlessis na ito. Sa tingin ko may. . . Sa palagay ko ministro silang lahat, sa pagkakaalam ko, at siguro si tatay, rin, ay isang ministro. At nagmula sila sa isang mabuting pamilya. At dala ni Kapatid na David ang isang tanyag na pangalan sa gitna ng mga iglesya't mga denominasyon sa buong mundo.

12 At Kapatid na David, nais kong umakyat ka ngayon at magsalita para sa amin, o kung ano man ang inilagay ng Diyos sa puso mo para sabihin. Halika na rito. At masayang-masaya ako na ipakilala ka sa aking iglesya, ngayong gabi. Heto si Kapatid na Orman Neville, ang aming pastor. At sa iglesya, ito ang isa sa mga minamahal kong kaibigan, at—at kapwa mandirigma sa paglilingkod sa Diyos, si Kapatid na David duPlessis ng Timog Aprika. Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na David.

13 [Nagsasalita si Kapatid na David duPlessis. Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] . . . pananalita. Amen. Kaming lahat. Kapatid na David, bumalik ka kaagad at samahan mo kaming muli. Napakaganda nun. Tunay na masaya tayo.

14 May sinabing ilang magagandang bagay si Kapatid na David diyan, sana'y nadala ko ang panulat ko't, naisulat ko sana ang mga 'yun. Pero palagi kong tatandaan "mga apong lalaki; mga apo."

15 Buweno, tunay na pinasasalamatan natin ang pagdalaw ng ating kapatid. At siya ay. . . ang. . . konektado siya sa Pandaigdigang Kapulungan ng mga mananampalatayang Pentecostal, at isang magiting na lalaki sa linya ng kanyang trabaho sa buong mundo. At mapalad tayo, ngayong gabi, na nakaparito si Kapatid na David para makapagsalita sa bisperas na ito ng Bagong Taon. At makikita n'yo kung ano ang iniisip ng mga dakilang kalalakihan ukol sa ating Panginoon, iniisip tungkol sa Kanyang dakilang lingkod.

16 Ngayon naniniwala ako na, bukas, dahil Bagong Taon, ilang oras na lang ngayon. At kailangan kong umalis nang maaga kinaumagahan, kaya naisip kong mangusap lang nang kaunti, kung ayos lang kay Kapatid na Neville. [Sinasabi ni Kapatid na Neville, "Oo. Amen."—Pat.] Kay Kapatid na Beeler, at sa iba pang mga ministro na narito. Hindi ako gaanong gugugol ng oras. At sa tingin ko, kung sasabihin natin "Amen," at uuwi na, 'yun nga'y magiging napakagandang mensahe. At makapagpapasalamat tayo sa Panginoon para sa kung anong mayroon tayo rito, ngayong gabi.

17 At ngayon, mangyari nga na dahil bisperas ito ng Bagong Taon, aaliwin lamang natin ang isa't isa, sa pamamagitan ng Kaharian ng Diyos, mangangaral, hanggang sa dumating ang Bagong Taon. At kailangan kong. . . bumangon ng umaga, nang talagang maaga, bago pa umaraw. At hindi na ako kasing-

bata ni David. Siguro ako. . . Siguro hindi ko na nararamdaman ang kabataan kagaya niya. Siya'y. . . Siyempre nga, si David ay medyo—medyo mas matanda sa akin nang kaunti. Sa palagay ko siya'y pito o walong taon na mas matanda, marahil sampu. Pero siya'y tunay na masigasig para sa Diyos, bumiyahe siya nang limampung libong milya ngayong taon, para sa Kaharian ng Diyos. Papunta na siya ngayon para mangaral kina Kapatid na Rodgers, at bukas ay makakasama ang ilan, sa ibang lugar, at sa ibang lugar, at sa ibang lugar, at babalik dito uli ng Lunes. At kailangan kong makipagkita sa kanya para isaayos ang isang pandaigdigang pag-iikot na malapit nang gawin ngayon.

18 At pupunta kami sa Aprika, sa pagkaunawa ko ngayong hapon, sa Marso, nitong—nitong darating na Marso. Makikipagkita ako kay Clayton Sondmore, mula sa Full Gospel Christian Business Men, ngayong linggo, at nitong darating na linggo, 'yun ang unang bahagi, at maghahanda para sa Jamaica, sa Haiti rin. Pupunta ako sa susunod na linggo sa Kentucky, o doon sa Georgia, magdadaos ng mga pagtitipon doon. Babalik din agad at pupunta sa Kentucky, isang gabi rito, at isang gabi roon, pupuntahan ang mga simbahang ito. At didiretso ng uuwi mula roon, at pupunta sa—sa—sa Atlantic City, ang unang petsa dun ay 27, hanggang 30 na 'yun, at aalis doon sa umaga ng a-uno, at magsisimula naman sa—sa Kingston, Jamaica, doon sa kare-. . . karerahan, sa gabing 'yun, sa loob ng sampung araw na pagtitipon doon. At mula roon, pupunta pagkatapos sa Haiti, at saan man. Hindi namin alam kung saan pupunta pagkatapos dun, haya't kung saan mismo kami akayin ng Panginoon.

19 Ngayon, ang lahat ng ito'y nasa proseso pa lang. Kita n'yo? Hindi pa ako nagsabi ng oo. Nandito si David, papunta si Clayt. Si Gordon, pupunta si Kapatid na Gordon Lindsay, para sa Timog Amerika. At—at ang natitira, ang Christian Business Men para sa Amerika na nagsasalita-ng-Latin. At ang Kapatid na David ay sa Switzerland naman, Alemanya, at iba pa. Pero hindi pa namin alam. Magpatuloy lang kayo sa pananalangin. Ayaw kong pumunta sa kahit saan hanggang sa sabihin ng Diyos na pumunta, at sa abot ng pinakamabuti kong nalalaman. Kaya naman, kung makaramdam ako ng pangunguna, kung ganoon sa pagbaba ko sa eroplano, ako. . . At kahit ano pa man ang hadlang, masasabi ko, "Pumupunta ako sa Pangalan ng Panginoong Jesus."

20 Nagpapasalamat ako kay David, sa pagkakaibigang pinagsamahan namin, dahil ang lalaking ito ay isang napakahalagang tao, pero siya'y—siya'y—siya'y talagang naniniwala sa pagmiministeryong ito ng Panginoon. Naniniwala siya talaga. At—at nauugnay sa isa't isa ang aming pangalan sa buong mundo ngayon, si Kapatid na David at ako.

21 At labis akong natutuwa na magkaroon ng kaugnayan sa isang tao na tulad n'yan. Pero, mga kaibigan, pinahahalagahan

ko man 'yan. Pero ang pinakadakilang bagay na maiisip kong makaugnay ay si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, yaong Isa na Dakila.

22 Ngayon, magsasalita maya-maya sina Kapatid na Neville at ang iba pa, sige't gusto kong bumasa ng isang munting bagay mula sa Kasulatan ngayon.

23 At mainam ito, sa tingin ko, sa gabi ng Bagong Taon, na makita ang iba't ibang mangangaral, at ang paraan nila ng pagtalakay sa teksto, at bagay na ipapangusap nila, at iba pa. At ang bawat tao ay may sari-sariling kaparaanan ng pangangaral. Alam n'yo, hindi tayo ginawang pare-pareho ng Diyos. Ginawa Niya tayong magkakaiba. Ginawa Niya tayong magkakaiba sa ating pangangatawan. Ginawa Niya ang mundo na samot-sari, haya't may malalaking bundok, maliliit na bundok, mga kaparangan, mga disyerto, malalaking puting bulaklak, mga asul na bulaklak, at lahat ng iba't ibang klase. Kanya mismong ginawa tayo na magkakaiba. Ganoon mismo. Gumawa Siya ng pulang buhok, at itim na buhok, kayumangging buhok, puting buhok; mataba, payat, matangkad, o, kung anu-ano pa. Kita n'yo? Kanya mismong—Kanya mismong ginawa tayo na magkakaiba. Ang Diyos ay Diyos ng samot-sari. At medyo gusto ko 'yun. Hindi ba't kayo rin? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Pero kung pareho-pareho na lang lagi? Naku! Naku! Haya't gusto ko ito.

24 Kaya bumuklat na tayo ngayon sa ating mga Kasulatan, sa Aklat ng San Mateo, Ebanghelyo ni San Mateo, simulan natin sa . . . At sa ika-4 na talata, gusto kong bumasa bilang . . . basahin sa atin ang isang teksto, tulungan nawa tayo ng Panginoon. San Mateo, sa ika-4 na kabanata.

Sa palagay ko, bago tayo magbasa, manalangin muna tayo.

25 Mapagbiyayang Makalangit na Ama, muli po nang may mga pusong nagpapasalamat ay sinasalubong namin ang bagong taon na ito. At lumalapit kami sa Iyo at dinadala sa Iyo ang lahat ng mga alalahanin namin sa nakalipas, at hinihiling na iwawaksi Mo ang mga ito sa dagat ng pagkalimot, at hindi na alalahanin pa ang mga kasalanan namin laban sa amin. At hindi lamang namin suriin ang aming espirituwal na pagkatao, kundi aming . . . suriin nawa namin ang aming pakikisama sa Iyo. At patawarin Mo po kami sa lahat ng mga pagkakasala namin. At hinihiling namin na kaugnayin kami ng Iyong Espiritu ngayong gabi. At kung mayroon mang maruming bagay sa amin, Panginoon, ilayo Mo po ito kung gaanong kalayo ang silangan sa kanluran. Iwaksi ito sa dagat ng pagkalimot, para hindi na alalahanin pa ito laban sa amin, para makapasok kami sa bagong taon na ito, na malinis, nahugasan ng Dugo ng Cordero, at maging handa.

26 Nawa ang 1960 na ito'y maging pinakadakilang taon na naglingkod kami sa Iyo. Iyo pong pagkalooban nawa kami

nang labis-labis, sagana. Lahat po ng mga pagtitipon na ito na isinasagawa, Panginoon, na iniisip namin kasama si Kapatid na duPlessis, at sa buong mundo, sa Asya, at doon sa Europa, at sa buong—sa buong palibot. Panginoon, nawa'y ang kalooban Mo at ang Iyong Kapangyarihan ang papatnubay sa amin sa mga bagay na ito. At kung kami sa anumang oras ay hahakbang palayo mula sa Iyong Banal na itinalagang landas, maglagay nawa ang Espiritu Santo ng harang sa daan at pigilan kami, Panginoon, at ibalik kami sa tamang lugar. Ipagkaloob Mo po ito.

27 Pagpalain Mo ang munting iglesyang ito, Panginoon. Halos, malapit nang magtatlumpung taon, sa palagay ko, na nakatayo ito rito ngayon, bilang isang bantayog ng biyaya ng Diyos, sa isang hamak na mga tao. Dalangin namin, Ama, na Iyo pong pagpalain si Kapatid na Neville, ang pastor. Pagpalain ang buong iglesya. Pagpalain ang mga katiwala, ang mga diyakono, ang tagapanguna ng awitan, ang piyanista, ang lahat ng karaniwang miyembro, bawat isa, ang mga tagapagturo ng Sunday school, iba pa. Panginoon, lumago nawa kami sa taon na ito sa biyaya ng Diyos. At dumami pa nawa sa bilang ang mga kasapi namin, at—at higit pang biyaya Mo, na, higit kaysa nitong mga nagdaan na taon. Ipagkaloob Mo po ito, Ama.

28 Ngayon ay tulungan Mo kami habang dumadako kami sa tekstong ito na nakahanda kaming basahin, ang Iyong Salita. At tanging Ikaw po, Panginoon, ang makapagbibigay-kahulugan at dumadalangin kami na Iyong ipagkakaloob ito sa amin, alang-alang sa Kaharian ng Diyos. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

29 Kaaanunsyo ko lang ngayon kung ano ang pinili ko bilang teksto para sa susunod na ilang sandali. Matatagpuan ito rito sa Kasulatan, at babasahin ko ito. Ang pamagat nito, gusto kong pamagatan ito ng ganito, "mula noon."

30 Hindi ko naisip, haya't sabi ko noong isang gabi, hindi ko naisip na makakapunta ako, dahil namamaga ang lalamunan ko. At sinabi ng asawa ko sa akin kahapon, o nung araw bago 'yun, sinabi niya, "Kung ganoon sa palagay ko hindi ka makakapunta sa simbahan."

31 At sabi ko, "Mahal, sa palagay ko hindi nga. Napakasakit ng lalamunan ko't namamaga."

32 At pagkatapos, noong gabi ring 'yun, pag-upo ko't dinampot ang Kasulatan, nabuklat ko Ito.

33 Dumaan si Kapatid na Sothmann. Sabi niya, "Pupunta ka ba sa simbahan bukas ng gabi?"

Sinabi ko, "Oo. Pupunta ako."

34 At tumingin si Meda sa akin, at sinabi niya, "Hindi kita maintindihan."

Sabi ko, "Hindi ko inaasahang maiintindihan mo ako, kita mo," sabi ko, "o ng kahit sino man."

35 Walang sinuman na ginagabayan ng Espiritu ng Diyos ang maiintindihan kailanman.

36 Ang ating Panginoon, hindi nila Siya naintindihan. Para bang nagsasalita Siya sa isang paraan, isang minuto; at iba na namang paraan, sa ibang minuto. At sa ibang pagkakataon ay nagsasalita Siya tungkol sa ibang bagay. Kung minsan si Jesus ang nagsasalita, sa ibang pagkakataon naman ang Diyos ang nagsasalita. Nakita n'yo? Sinabi maging ng mga alagad doon, sa huli, sabi, "Narito, ngayon ay nagsasalita Ka nang malinaw. Ngayon nauunawaan na namin." Kita n'yo?

37 At sinabi ni Jesus, "Kayo ba ay di-. . .At naniniwala na ba kayo ngayon?" Kita n'yo, pagkatapos nun.

38 Hindi mo talaga magagawa, dahil ginagabayan ka ng Espiritu. At magsisimula kang gumawa ng bagay, na masusumpungan mo, kita mo, na ikaw ay. . .Gusto kang gamitin ng Diyos sa isang dako. Kailangan mong huminto *rito* at pumunta *rito*, na ginagabayan lamang ng Espiritu. Sila'y kakaiba't, natatanging mga tao na may buhay na ibig mong ilaan sa Diyos.

39 At kaya palagi kong sinasabi ito, "Gagawin ko ito kung kalooban ng Panginoon." Kita n'yo? Kung mangangako ako kaninuman, "Gagawin ko ito kung loobin ng Panginoon." Kita n'yo? At kaya naman, pagkatapos, kung hindi ito kalooban ng Panginoon, ako ay. . .Mangungusap ako tungkol sa Mensaheng ito kung kalooban ng Panginoon. Maaaring tawagin Niya ako mismo, habang nasa Mensaheng ito, para pumunta sa California. Isasantabi ko ang lahat-lahat at aalis papuntang California, nang simbilis na makakaya ko.

40 At gusto kong mabuhay nang ganoon. Ayaw kong may nagtatali sa akin. Ayaw ko ng napakalaking bagay o anuman, kung saan nagkakahalaga ng milyun-milyong dolyar, at kailangan mong lumikom ng limpak-limpak na pera, araw-araw, para itali ako. Ang nais ko ay, sa kung saan, at sa kung kailan sabihin ng Diyos, "Gusto Kong pumunta ka rito sa mga taong ito. Lilima lang sila. Pero pumunta ka roon, at manatili ka roon hanggang sa sabihin Ko sa iyo na umalis." Gusto kong pumunta roon. Walang obligasyon, basta. . .at kung gusto Niya akong pumunta sa ibang bansa.

41 Ngayon kagaya po nito, kababanggit lang kanina, ang pagpunta sa Alemanya, o sa—sa Aprika. At may isang milyonarya, noong oras mismo na inudyok ng Espiritu sa akin na pumunta sa Aprika, sinabi ng babaeng 'yun, "Ako ang bahala sa biyahe't tutustusan ko ang lahat nito." Kita n'yo? Ganoon lang. Bakit ako mag-aalala tungkol sa pera at mga bagay-bagay, gayong ang aking Ama ang may-ari ng lahat ng ito? Kita n'yo? Maaari Niyang kausapin mismo ang isang mayamang lalaki rito, o isang mayamang lalaki roon, o ang mga tao rito, o ang mga tao

roon, at hindi ko kailangang mag-alala tungkol dito. Kita n'yo? Ang Diyos mismo ang bahala sa lahat ng ito.

42 Kapatid na Roy, ganoon ang tamang paraan ng pamumuhay. Hayaan mo mismo Siya na mag-asikaso nito. Ganoong kaganda.

43 Ngayon, bumuklat tayo sa ating mga Kasulatan, sa ika-4 na kabanata. At magsimula tayo sa—sa pagbabasa, sa bandang ika-12 talata ng ika-4 na kabanata ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

> *Ngayon nang si Jesus* ay . . . At *Nang marinig nga niya na si Juan ay dinakip, ay umuwi siya* sa *Galilea;*
>
> *. . .pagkaiwan sa Nazaret, ay naparoon siya at tumahan sa Capernaum, na nasa tabi ng dagat, sa mga hangganan ng Zabulon* at *Neftali:*
>
> *Upang maganap ang sinalita sa pamamagitan ng propeta* Isaias, *na nagsasabi,*
>
> *Ang lupa ni Zabulon, at ang lupa ni Neftali, sa gawing dagat, sa dako pa roon ng Jordan, Galilea ng mga Gentil;*
>
> *Ang bayan* na *nalulugmok sa kadiliman ay nakakita ng dakilang ilaw; At* sa *nangalulugmok sa* pook ng *lilim ng kamatayan ay lumiwanag sa kanila ang ilaw.*
>
> *Mula noon ay nagpasimulang mangaral si Jesus, at magsabi, Mangagsisi kayo: sapagka't malapit na ang kaharian ng langit.*

44 Gusto kong magsalita tungkol sa paksang: *At Mula Noon*. Alam n'yo, bilang mga tao, nag-iisip tayong lahat ng mga bagay na mula sa isang partikular na panahon. Nangyari ang ganito-at-ganoong bagay, at mula noon. At ngayon, maraming beses, makikilala mo ang isang matandang lalaki o isang matandang babae, at gustong-gusto nilang balikan ang isang panahon na may nangyari, na natatandaan pa nila ito nang malinaw at sinasabi, "Nangyari ito noong panahong 'yun."

45 Ngayon, sa palagay ko halos lahat tayo rito, ngayong gabi, ay maaalala, may alaala sa mga partikular na bagay na nangyari sa isang partikular na panahon. Mula noon, may nabago. *Ganito-at-ganoong* bagay, nangyari ito noong panahong 'yun. At magmula noon, nag-iba na. At mabuting bagay na naaalala natin. At ang ilan sa mga alaalang 'yun, ng mga bagay na naiisip natin, ay mahahalagang bagay na bumago. At may ilang mga bagay rin na hindi na gaanong mahalagang isipin.

46 Halimbawa, kung ang isang babaing may masamang reputasyon, ay sabihin niya, "May panahon noon na isa akong mabuti't, matuwid, at may moralidad na dalaga. At isang gabi, o sa isang lugar, may nangyari." At mula noon, napunta na siya sa maling landas. Nabahiran na ang kanyang buhay ng kasalanan, at ng kaitiman at ng kadiliman, at tanging kahatulan na lang ang naghihintay sa kanya. Pero naalala niya, na mula noong

partikular na panahong ’yun, nangyari ito noong nagkamali siya ng landas.

47 Ang—ang lasing na lalaki, ngayong gabi, sa mga lansangan, na pilit nilulunod ang kanyang mga kalungkutan sa alak. Marahil aalalayan mo siya para makatayo. Tulad ko noon sa plantasyon dito, ilang panahon na ang nakalipas, sa New York, na malaking sentro ng mga lasenggo. Naglalakad ako noon kasama ang isang ministro. At doon ay nakahandusay ang isang lalaki, oh, napakaraming lalaki, walang gagawing masama, wala ring gagawing pakinabang, nakahandusay roon, na basang-basa ang harap ng kanilang damit, at—at natatakpan ng mga balbas nila ang kanilang mga mukha, at talagang nasa kalunus-lunos na kalagayan. At ganap naman silang walang gagawin na masama.

48 At sabi ng ministrong ito, “Alalayan mo ang isang ’yan na makatayo, at tanungin mo lang siya.”

49 At nilapitan ko ang lalaking ito na nakahandusay na ang isang paa niya’y nakapatong sa bumper ng isang kotse, at ang ulo niya’y nasa kalsada, at hayun nga siya na di na niya kinaya na—na—na makapunta dapat, doon sa mga palikuran. At, talagang kalunus-lunos ang kalagayan niya. At inalalayan ko siya, at ang sabi ko, “Kaya mo bang magsalita?” At wala siyang maisagot sa akin.

50 Kaya lumuhod ’yung ministro. Mas alam niya kung paano siya pakikitunguhan. At tinanong niya ang lalaki, “Sino ka?”

51 At sa wakas ay nahimasmasan ang lalaki, hanggang sa masabi niya, “Kung bibilhan mo ako ng inumin!” At nalaman namin, kaya niyang ituro ang kanyang daliri sa bangko na dati siyang presidente roon.

52 “Buweno,” sabi ng kasama ko, “mga mangangaral kami. Maaari mo bang sabihin sa amin kung anong nangyari?”

“Kung ipapangako n’yo sa akin na bibilhan n’yo ako ng inumin!”

53 Buweno, hindi namin magagawa ’yun. Sabi ko, “Hindi ko kayang dagdagan pa ng kalungkutan ang mga kalungkutan mo. Gusto kitang tulungan.”

54 Ikinuwento niya nang buo. Umuwi raw siya, isang gabi, at may, nabanggit siyang, isang “Minamahal na John” na liham sa—sa mesa. Pagkatapos, iniwan siya ng asawa niya. At may. . . Mahal niya ang asawa niya. At kinuha ng asawa ang mga anak niya. At diniborsyo siya, at sumama sa ibang lalaki. Tapos sabi niya, “Hindi ko na alam ang gagawin, siguro’y pasabugin na lang ang utak ko, o kung ano. Kaya nagpunta ako—nagpunta ako sa bahay-inuman.” At mula noon, hayun na siya. Nangyayari ’yan sa buong mundo.

55 Ang sinungaling. Baka makatagpo kayo ng isa, gaya ng nabanggit ko sa isang lalaki, isang araw, na ang akala ko'y nagsasabi lang ng mga biro. At nalaman ko, na, napakarami na niyang nasabing kasinungalingan hanggang sa talagang pinaniwalaan na niya ang mga 'yun, mismo. At ang sabi ko, "Ano ang nagbubunsod sa'yo para gawin 'yun?" At naupo ako para kausapin siya. Sabi ko, "Gusto kitang tanungin. Ang mga kwentong 'yan ay masyadong di kapani-paniwala para paniwalaan ng mga tao."

56 Sabi niya, "Ang unang natatandaan kong kasinungalingan," sabi niya, "Isa akong munting bata na pinalaki sa isang mabuting tahanan." At sabi niya, "Lumabas ako't nanigarilyo ng sigarilyong gawa sa balat ng mais, para lang magpasikat. Tapos kumain ako ng ilang kape, para maalis 'yun sa hininga ko." Tapos sabi niya, "Ginawa ko 'yun noon sa likod ng lumang tsimeneya, sa likod ng bahay." Tapos sabi niya, "Hindi ko kailanman makakalimutan noong mahuli ako ni nanay, at sinabi niya sa akin, 'Anak, ipaamoy mo sa akin ang hininga mo.' At huminga ako sa mukha niya, at ang sabi niya, 'Kumain ka ng kape para alisin ang kung anong nasa hininga mo. Ano ba 'yang pinaggagagawa mo? Nanigarilyo ka ba?'"

57 At sabi niya, "May nag-uudyok sa akin na sabihin sa kanya ang totoo." Sabi niya, "Pero ang sinabi ko, 'Hindi, nanay. Sumusumpa ako. Hindi ako nanigarilyo.'" Sabi niya, "At mula noon, nagsimula na 'yun."

58 Lahat tayo'y makahahanap ng isang bagay na—na nagsimula sa isang partikular na panahon. At mula noon, nabago na ang mga bagay-bagay. At may iba pang mahahalagang bagay na maiisip tayo. Ang mga tao na may mabubuting hangarin ay sumusubok na magpasimula ng mga panibagong bagay, na gagawa ng mga bagay-bagay sa isang partikular na panahon.

59 Halimbawa, noong unang matuklasan ni Benjamin Franklin ang kuryente, at nagawa nilang makontrol 'yun. Sa simula'y sinasabi nila, "Magmula ngayon, hindi na magkakaroon pa ng mga digmaan. Dahil, haya't, maaaring ilagay ang kuryenteng ito sa mga bakod, na may napakataas na boltahe, hanggang sa walang sinuman ang makatatawid nito." Maganda ang hangarin nila.

60 At pagkatapos mismo ng Unang Digmaang Pandaigdig, noong—noong pirmahan ni Kaiser Wilhelm ang kasunduang pangkapayapaan. Sinabi sa atin dito sa Amerika. Batang paslit pa lang ako noon na magsisiyam na taong gulang. Pero natatandaan ko pa ang sabi-sabi ng mga tao, "Hindi na tayo magkakaroon ng isa pang digmaan. Mula ngayon, tapos na ito, magpakailanman." Pero nagkaroon uli tayo ng digmaan.

61 At noong ang makapangyarihang UN, o, ang ibig kong sabihin, bago 'yun binuo nila ang tinatawag na Liga ng mga

Bansa, at ang sabi nila, “Ngayon hindi na tayo magkakaroon pa ng mga digmaan, dahil mayroon na tayong Liga ng mga Bansa na magpapatrolya sa mundo. At kung magkaroon ng pag-aalsa sa isang lugar, ang mga taong ito na mula sa bawat bansa ay magtutungo roon at magisisilbing pulis pangmundo.” Pero nabigo ito, nagpatuloy pa rin sila sa pagkakaroon ng mga digmaan; at magiging ganoon din ang UN.

62 Sinasabi sa atin ngayon sa isang prediksyon na bukas daw ng gabi, o, Linggo ng gabi, ang siya ring tao na nagpredikta tungkol sa Pearl Harbor, sa eksaktong sandali na bobombahin ito ng mga—ng mga eroplano, haya’t nagsabi, na, “Linggo ng gabi sa ganap na alas-dose, pitumpu’t limang porsiyento ng mamamayang Amerikano ay magiging abo, dahil bobombahin ng Rusya ang Estados Unidos, sa darating na Linggo ng gabi sa ganap na alas-dose.” Siya ring tao na nagpredikta tungkol sa Pearl Harbor. Hindi nila ito inilabas, dahil mababahala nang lubos ang mga tao. Hindi ko ito pinaniniwalaan. Kita n’yo? Hindi. Dahil, hindi nito kakayanin ang digmaang atomika. Pagtagos ng isa nila sa sound barrier, papunta *rito*, gaganti tayo papunta sa kanila *roon*, at makakapira-piraso ang mundo. May bagay pa na kailangang mangyari, muna, bago dumating si Jesus. Siyanga.

63 Halimbawa, ang batang mag-asawa. May isang partikular na panahon na ikinasal sila. At sila’y—sila’y nagpanata sa isa’t isa. At nagpangakuan sila, sa isa’t isa, ng kanilang katapatan. At sinabi nila, na, “Ating mamahalin, igagalang at pahahalagahan ang isa’t isa, habang pareho tayong nabubuhay.” Pero dumating ang isang panahon na may bagay na nangyari.

64 Lahat ng mga bagay na ito, haya’t may—may panahon na may bagay na nangyayari. At marahil lahat ng kanilang mga pangako, at lahat ng mga liga ng mga bansa, at iba pa, marahil ay may mabuting hangarin, pero lahat ng mga ito’y magwawakas. Ang lahat ay guguho, sa ilalim ng—ng—ng paanan ng tao. Hayan man ang lahat ng mabubuting hangarin na maaaring mayroon tayo, pero ang lahat ay kailangang magwakas.

65 Pero may panahon kung saan maaaring makarating ang tao sa isang bagay na Walang Hanggan. Yun nga’y kung kailan, ang isang tao, ang oras na makatagpo ng tao ang Diyos. Doon po’y may nangyayari na Walang Hanggan.

66 Nakagagawa tayo ng mga pagkakamali natin. At gumagawa tayo ng mga panata natin sa bisperas ng Bagong Taon, para lang sirain ang mga ito kinabukasan. Bumubuklat tayo ng mga bagong pahina, at nagtatakda ng mga panata. At nagpupunta tayo sa mga pari at. . .O hindi pala tayo, kundi ’yung mga Katoliko pala. At nangungumpisal, at pumipirma ng mga pangako, at dumudulog tayo sa altar at bumubuklat ng mga bagong pahina, pero ang lahat nga’y nauuwi sa wala. Dahil,

sa susunod na may tao na makakaharap tayo o kung ano, nanunumbalik agad 'yung dati nating ugali na magagalitin. Sa tuwing nakakaranas tayo ng problema o kung ano man, nangyayari't nangyayari itong muli.

67 Pero may isang dako na maaaring makarating ang isang tao, sa isang panahon, na makapagpapabago sa kanya magpakailanman, nang Walang Hanggan. "Ang lumalapit sa Akin, sa anumang paraan ay hindi Ko itataboy," sabi ni Jesus. Maaaring lumapit ang isang tao sa Diyos, at ang kanyang buong Walang Hanggang destinasyon ay mababago. At maaaring makatagpo ng isang tao ang Diyos, at hindi na siya kailanman magiging tulad dati. Hindi mo maaaring makatagpo ang Diyos tapos mananatili kang dati pa rin. Kung tatalikuran mo Siya, magiging napakasahol mong tao kaysa dati. Kung tatanggapin mo Siya, may Buhay ka na Walang Hanggan, at ibabangon ka Niya sa huling araw, ayon sa Kanyang pangako.

68 May isang panahon na may isang tao na nagngangalang Abraham, na nanggaling sa mga Caldeo, at nanirahan siya sa lungsod ng Ur. At isa lamang siyang ordinaryong tao, isang mabuting tao. Siguro, marahil siya... Ang tatay niya marahil ay sumasamba sa mga diyus-diyosan, dahil nanggaling sila sa Babilonia. At isa lamang siyang ordinaryong tao, at tumatanda na siya. Siya'y sitenta'y singko na, at ang asawa naman niya'y sisenta'y singko na.

69 At si Abraham, isang araw, noong naroon marahil siya sa bukid, nangangaso o kung ano man ang ginagawa niya, namimitas ng mga beri, o kung ano man ang trabaho niya, nakatagpo niya ang Diyos. At mula noon, nabago siya. Kaya niyang tawagin ang mga bagay na wala pa man, na para bang mayroon na, dahil nakatagpo niya ang Diyos. Alam niya ang minuto't oras na nakatagpo niya ang Diyos. Binago siya Nito. At tinawag siya ng Diyos na maging ama ng maraming bansa. At nanampalataya sa Diyos at sinampalatayanan ang pangako Niya, dahil nakatagpo niya ang Diyos. Paglipas ng dalawampu't limang taon, nakipagdiskusyon sila, sinusubukan siyang yamutin, sinasabi sa kanya na mali ang pinaniniwalaan niya. Pero ang sabi ng Biblia, "Mas lumakas pa siya nang lumakas, na nagpupuri sa Diyos." Dahil, alam niyang kailangang tuparin ng Diyos ang pangako.

70 Ganyan nga kapag nakatagpo ng Diyos ang isang tao. Binabago nito ang kanyang pagkatao. Binibigyan siya nito ng isang super na pandama. Katulad ng sinasabi ko noong isang gabi, ang natural na tao'y may lima lamang na pandama. Pero, ang mananampalataya, kapag nakatagpo niya ang Diyos, nakakatanggap siya ng isang bagay na kakaiba. Yun ay isang super na pandama na nag-aangat sa kanya sa ibabaw ng mga anino. Nagbubunsod sa kanya para sampalatayanan ang mga bagay na imposibleng mangyari. Nananampalataya pa

rin siyang matutupad ang mga ito, dahil sinabi na mismo ng Diyos. Kapag nakatagpo ng isang tao ang Diyos, may bagay na nagaganap.

71 May isang panahon na ang isang tao'y naturuan sa lahat ng karunungan, sa lahat ng teolohiya ng Salita ng Diyos. Alam niya Ito ayon sa letra. Nakapag-aral siya. Nasa kanya na ang lahat ng mga digri. Napakatalino niya hanggang sa kaya niyang turuan ang mga iskolar na mga taga-Egipto't ang kanilang mga guro. Alam niya lahat, ayon sa letra. Pero isa siyang duwag dito, na tumatakbo, tumakas sa likurang bahagi ng ilang at nagpastol ng mga tupa para sa isang estranghero. Pero dumating ang oras na kinatagpo siya roon ng Diyos, sa nagniningas na kahoy. At magmula noong oras na 'yun, nabago si Moises, dahil nakatagpo niya ang Diyos sa isang nagniningas na kahoy. At dahil nakaharap ang Diyos, hindi na siya maaaring maging katulad pa ng dati.

72 Kapag ang isang lalaki o ang isang babae . . . hindi mahalaga sa akin gaano man karaming panata ang maipangako mo, o gaano man karaming bagong pahina ang mabuklat mo. Hanggang sa makatagpo mo ang Diyos, hindi ka mababago. Pero kapag nakatagpo mo maski minsan ang Diyos, hayan nga na ikaw ay mababago magpakailanman.

73 Hindi lang si Moises ang nabago. Nabago ang Israel. Nabago ang Egipto. Nabago ang mundo noong panahong 'yun, dahil nakatagpo ng isang tao ang Diyos at pinanghawakan Siya sa Kanyang Salita.

74 Ang kailangan natin ngayon ay isang tao na makikipagtagpo sa Diyos, nang harapan, at kakausapin Siya, sa situwasyon. Kapag nakipagtagpo ang tao sa Diyos, nababago ang mga bagay. Di mapapasubalian. Yun lang ang tanging paraan para matamo ang mga bagay.

75 At mula noon, si Moises na duwag, si Moises na umiiwas, ay nabago. At mula noon, siya'y naging lingkod na ng Panginoon. Noon pa man ganoon na ito. Kapag nakatagpo ng isang tao ang Diyos, nababago ang mga bagay.

76 May isang kabataang babae minsan, hindi lalampas sa disi otso ang edad, o baka hindi pa ganoong katanda, na papunta sa balon isang umaga, para sumalok ng isang baldeng tubig, doon sa Nazaret. Isa siyang mabait na munting kabataang babae. Nananampalataya siya. Mayroon siyang pananampalataya. Pero, noong umagang 'yun, nakatagpo niya ang Diyos. At may sinabi ang Diyos sa kanya, at pinaniwalaan niya ito. At binago nito ang buong takbo ng buhay nung babae, at ginawa siyang imortal. Ang pangalan niya ay Maria, ang ina ng ating Panginoong Jesus. Ang munting binibini'y isa lamang ordinaryong kabataang babae, pero nakatagpo niya ang Diyos. At magmula noon, may nangyari. Tunay nga.

77 May isang lalaki na ang pangalan ay Pedro, isang matandang bruskong mangingisda, marahil kasing brusko ng iba. At marahil isa siyang malaking-katawan na maton. Hayan nga, na nito-nito lang, napanood ko 'yung palabas, na pinamagatang, "Ang Malaking Mangingisda." Sa palagay ko napakagandang paglalarawan 'yun tungkol kay Pedro, dahil isa siyang malaking-katawan na bruskong lalaki. Wala siyang pakialam sa kahit ano. Halos wala siyang pinaniniwalaan. Pero, isang araw, nakatagpo niya ang Diyos. At mula noon, nabago siya. Mula noon, siya'y naging isang apostol ng Panginoong Jesus Cristo.

78 Gaya ng sinasabi ni Kapatid na David duPlessis sa atin kanina, tungkol kay Saulo na taga-Tarso, na isang mamamatay-tao, na humawak ng balabal ng mga mamamatay-tao, na, haya't sumaksi siya, at naging saksi sa kamatayan ni Esteban na martir. May mga liham siya sa kanyang mga bulsa, para pumunta sa—sa punong tagapayo ng mga iglesya, at para dakpin ang mga tao na labis na nag-iingay, sumisigaw at nagpupuri sa Diyos. Isa siyang dakilang tao sa paningin ng mga Fariseo. Siya'y Fariseo ng mga Fariseo. Pero, isang araw, siya'y nasa kanyang daan patungong Damasco, at nakatagpo niya ang Diyos. Isang Liwanag ang suminag sa palibot niya. At magmula noon, hindi na siya si Saulo na taga-Tarso. Kundi siya na si Pablo, ang mapagpakumbaba't, ang maamo, dahil nakatagpo niya ang Diyos, at binago siya Nito.

79 May isang ketongin na nakaratay sa pintuang-bayan. Lahat na ng remedyong panlunas ng medisina'y hindi siya mapagaling-galing. Ang mga nabubulok niyang sugat ay lumala pa nang husto hanggang sa ang mga kamay niya'y hindi na niya maitaas, pa. At ang mga paa niya, halos hindi na niya mailakad. Wala nang pag-asa ang kaso niya. Pero nakatagpo niya ang Diyos, isang araw, habang papalabas ng pintuang-bayan. Nagpatirapa siya't sumamba, at nagsabi, "Kung ibig Mo, malilinis Mo ako."

80 At sabi Niya, "Ibig Ko. Maging malinis ka." At magmula noon, wala na siyang ketong, dahil nakatagpo niya ang Diyos.

81 May isang bulag na lalaki na nakaupo sa gilid ng daan. At hindi niya maaninag ang liwanag mula sa dilim. Walang tulong para sa kanya. Isang araw, may Isang naglalakad mula sa siyudad ng Jerico, at noong makatagpo niya ang Diyos; at magmula noon, nakakakita na siya. Dumating sa kanya ang kanyang paningin. Ang paningin ng liwanag ay pumasok sa kanyang mga mata, at muli siyang nakakita. Dahil, mula noong oras na 'yun, noong makatagpo niya si Jesus, ibang tao na siya. Natamo niya ang kanyang paningin.

Kapag nakatagpo ng isang tao ang Diyos, tiyak na may mangyayari.

82 May isang binata, minsan; di maitatanggi, isa siyang mabuting mamamayan ng bansa, pero inaatake siya ng sumpong.

At grabe ang lagay niya hanggang sa di na siya kayang pigilan ng piitan. At ginapos nila siya ng mga tanikala. At mayroon siyang pulutong ng mga demonyo, sa loob niya, hanggang sa kaya niyang lagutin ang mga tanikala't mapalaya ang sarili. At ipinunta siya ng mga demonyo sa isang sementeryo, kung saan nanatili siya roon. At namumulot siya ng malalaking tipak, at siya'y nagiging napakabangis, naghihiwa siya ng kanyang sarili. Oh, isa siyang kakila-kilabot na tao. Kapag umaalis ang mga sumpong sa kanya, walang duda na naiisip niya, "Ano ba itong ginagawa ko rito?" At sa pagkakataong 'yun, babalik uli ang mga demonyo sa kanya, at hinihiwa siya't sinasaktan siya. Pero, isang araw, nakatagpo niya si Jesus. At magmula noon, ang taong 'yun na sinapian sa Gadara ay bumalik sa tamang pag-iisip, nakadamit na, nakaupo sa paanan ni Jesus. Maaari na siyang makauwi, bilang isang ginoo. Maaari na siyang makabalik sa kabihasnan. Maaari na siyang makabalik sa mga mahal niya sa buhay, at masasabi niya, "Mula noong oras na 'yun, nabago ako." Oo.

83 Isang araw noon, doon sa Kalbaryo, noong magtagpo ang Diyos at kamatayan, nang harapan, noong magtagpo ang Buhay at kamatayan. Pero 'yun nga'y noong ang Buhay, si Cristo, ay binunot ang tibo mula sa kamatayan. At mula noon, wala nang tibo ang kamatayan. Labis akong nagagalak dahil dun. Ang Diyos! Ang kamatayan at ang Diyos ay nagtagpo, sa isa't isa. Ang kamatayan ay naging di na tulad ng dati. Wala na itong tibo ngayon. Maaari nang lumapit mismo ang Cristiano sa mukha nito't sabihin, "Oh kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? Libingan, saan naroon ang iyong tagumpay?" Bakit? Pareho nilang nakatagpo ang Diyos. Hindi na sila tulad ng dati magmula noon.

84 Walang tao na magiging tulad pa rin ng dati, walang kahit ano ang magiging tulad pa rin ng dati, kapag minsan na nitong nakatagpo ang Diyos. Hindi ka maaaring maging gaya pa rin ng dati.

85 Naaalala ko noong nakaratay ako rito sa higaan ng ospital. Tinaningan na ako ng mga doktor ng tatlong minuto para mabuhay. Ang tibok ng puso ko'y, labimpitong beses na lang sa isang minuto. Nakatagpo ko ang Diyos. Magmula noon, hindi na ako tulad ng dati. May nangyari sa akin. Walang makapagsasabi sa akin ng iba. Namatay si Bill Branham. Nakatagpo ko ang Diyos, at May pumasok sa akin. Hindi na ako tulad ng dati mula noong sandaling 'yun na nakatagpo ko Siya. Binago Niya ako. Ginawa Niya akong iba. Hindi ito pamamanata sa Bagong Taon, pero nakatagpo ko ang Diyos.

86 Kalalakihan at kababaihan, kapag nakatagpo n'yo ang Diyos, mababago kayo. Namamanata tayo para sa Bagong Taon ngayong gabi; babalik bukas ng umaga, para baliin ang mga ito; sa susunod na araw, para baliin ang mga ito. Pero ang kailangan

nating gawin, ay hindi isang pamamanata para sa Bagong Taon, kundi kailangan nating makaharap nang harapan ang Diyos, at magtamo ng Buhay na Walang Hanggan, maipanganak ng Kanyang Espiritu.

87 May isang matandang lalaki, minsan, at magulo ang isip niya. Patuloy siyang ginugulo ng demonyo ukol dito. Isang araw, doon sa bukid, lumuhod siya para manalangin. Habang nananalangin siya, nagtusok siya ng isang patpat na pananda. Sinabi niya, "Ito'y maging isang alaala. Satanas, kung sakaling lumapit ka na naman sa akin, ituturo ko sa iyo ang patpat na ito. At sasabihin ko sa iyo na dito mismo'y nakatagpo ko ang Diyos, at naayos na ito mula rito." Ganoon ang kailangan natin, marahil hindi isang patpat sa bukid, kundi sa isang lugar, sa isang lihim na silid, na isang dako. Hindi isang. . .

88 Oh, ngayong gabi, magkakaroon ng daan-daang pamamanata, libo-libo ang ipapangako. Sa susunod na taon mamamanata na naman ng ganoon mismo, uli. Sasabihin natin, "Hihinto na kami sa pagsisinungaling. Hihinto na kami sa paggawa *nito*. At isasantabi na namin ang init ng ulo namin. Mas marami pa ang gagawin namin para sa Diyos. Gagawin namin 'yung *ganito*, o *ganoon*, o ang *iba pa*," tapos masusumpungan lang, na mauuwi lang sa wala.

89 Pero ang kailangang gawin ng tao, ngayong gabi, ay makaharap ang Diyos. At magmula roon, ang tao'y magiging isa nang binagong nilalang. Hallelujah! Oh, kung magagawa ko lang na isaysay ito sa paraan na pinaniniwalaan ko ito. Anupa't kapag nakatagpo ng isang tao ang Diyos, siya'y mababago mismo, magmula sa sandaling 'yun, sa nalalabi pa niyang mga araw. Hindi na siya magiging gaya ng dati, dahil natamo na niya ang Buhay na Walang Hanggan. Isa na siyang bagong nilalang. Ang mga lumang bagay ay lumipas na, at ang lahat ng bagay ay naging bago na sa kanya. Mukha na siyang bago.

90 Ang lalaking may sakit ay makalalakad na sa harap ng Diyos, gayong sinabi na ng mga doktor, "Mamamatay siya." Anupa't makalalakad siya sa harapan ng Diyos, at ipakiusap ang kanyang kaso. At aalis siya, na pinagbagong tao na, haya't mula sa oras na 'yun.

91 Oh, naaalala ko si Kongresista Upshaw, nakaupo sa isang silyang de gulong sa loob ng animnapu't anim na taon. Noong gabi na 'yun, doon sa California, noong bumaba ang Espiritu Santo, at nagsimulang magsalita, nakatagpo niya ang Diyos. At magmula noon, nakakalakad na siya nang hindi na gamit ang mga saklay niya.

92 Nakita ko ang oras kung saan nakaratay ang mga taong kinain na ng kanser, na walang kahit ano kundi anino na lang. At dadaan ang mga doktor at sasabihin, "Wala na sila." Nagtitipon ang mga mahal nila sa buhay, para sabihin ang mga huling

salita na masasabi nila, sa kanila, na pampalakas ng loob. Pero nakatagpo nila ang Diyos, at, magmula noon, nabago sila. Iba na ang pamumuhay nila.

93 Nakikita ko ang masamang babae, doon sa lansangan. Nakikita ko ang lasenggo, doon sa eskinita. Nakikita ko ang mapagpanggap, doon sa simbahan. Lahat ng iba't ibang klase ng mga tao, tuwing Bagong Taon, na nagbubuklat ng panibagong pahina, at ang ginagawa nama'y bagay na iba, sinusubukang ituwid ang mga pagkakamali't iba ang ginagawa. Hayaan n'yong makatagpo nila ang Diyos, maski minsan, at magmula roon.

94 Nangaral si Jesus sa mga 'yun mula noon, na nakaupo sa mga dako ng anino ng kamatayan.

95 At sinasabi ko, ngayong gabi, kung gusto ng isang tao na dumating sa kanya ang isang tunay na pagbabago, hayaan niyang makaharap niya ang Diyos, at makatagpo Siya nang minsan, tapos masasabi niya, "Mula noon, mula sa oras na 'yun, ako'y bago nang tao. Alam ko sa pamamagitan ng karanasan."

96 Ilang sandali pa, magtitipon na ang iglesya rito sa palibot ng altar. Ihahandog n'yo ang inyong mga buhay, muli. Isusuko n'yo ang mga bagay-bagay, at ilalapag ang mga bagay-bagay sa altar. Kapatid, hayaan n'yong bigyan ko kayo ng ilang payo. Kung hindi n'yo pa nakakatagpo kailanman ang Diyos, nang harapan, hayaan n'yo na sabihin ko sa inyo ang isang bagay. Manatili kayo sa altar na 'yan. Manatili lang kayo riyan hanggang sa makatagpo n'yo ang Diyos, pagkatapos ay maaari n'yo nang ituro ang inyong daliri sa bisperas na 'yun ng Bagong Taon. Na hindi na't, ang sasabihin, "Nagbuklat ako ng bagong pahina. Gumawa ako ng bagong panata." Pero, "Mula noon, nakatagpo ko ang Diyos. At nabago ang buhay, at iba na ang mga bagay-bagay. At ang lahat ng bagay ay naging bago na, sa akin, muli, mula noong oras na 'yun," sa oras na 'yun na makatagpo n'yo ang Diyos.

97 Hindi, pagsalubong sa isang Bagong Taon. Haharapin natin ito, sa ilang minuto, maya-maya, mga dalawa't kalahating oras, sa palagay ko, baka mas maiksi pa, sasalubungin natin ang isang Bagong Taon, nang harapan. Sasalubungin natin ito na may mga panata. Sasalubungin natin ito na may mga pangako. Sasalubungin natin ito na may mabuting hangarin. Sasalubungin natin ito, na sasabihin, "Sisikapin namin na bumuklat ng isang bagong pahina. Sisikapin naming gumawa ng iba." Mainam ang lahat ng 'yan. Ikinalulugod ko 'yan.

98 Pero kapatid, hindi 'yan kailanman magiging Walang Hanggan hanggang sa makatagpo mo ang Diyos, unang-una. Kapag nakatagpo mo ang Diyos, unang-una, at, mula noon, ang lahat ng bagay ay magiging iba na.

Manalangin tayo sa pagyuko natin ng ating mga ulo.

99 Panginoong Jesus, Anak ng Diyos, naaalala ko ang panahon noong nakatagpo Kita, Panginoon. Naaalala ko, ang isang kahabag-habag na aba, na namumuhay ng maayos na moral na buhay, hindi kung saan-saan naglilimayon, ni umiinom o nagsusugal, o naninigarilyo, o kung anu-ano pa. Pero nalalaman ko, Panginoon, noong dumating ang kamatayan na palihim na pumasok sa silid, mga dalawampung taon na ang nakalipas, may bagay na kulang sa buhay ko noon. Doon ay nakatagpo ko ang Diyos, at mula noon. Mula noon, Panginoon, sinikap na Kitang paglingkuran. Nabago ang buhay ko at ang lahat ng bagay ay mukha nang iba. Labis akong nagagalak na nakilala Kita, Panginoon. At ngayong gabi, papasalubong sa Bagong Taon, nagagalak akong sabihin na kaya kong salubungin ito nang may Espiritu ng Buhay na Diyos sa aking puso.

100 Bigyan Mo po kami ng mga karanasan, Panginoon. Pagkalooban Mo kami ng Iyong kabutihan at kaawaan. Patawarin Mo kami sa aming mga kasalanan. At hayaan kaming mabuhay sa parating na taon na ito, Oh Panginoong Diyos, nang may karanasan, na nakilala Ka namin at ang aming mga buhay ay nabago na. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Patawarin Mo kami sa aming mga pagkukulang. Ilagay Mo sa amin ang Iyong Espiritu Santo. Iyo pong patnubayan kami at gabayan kami.

101 Diyos Ama, narito ang 1960, na nasa harapan ko. At may mga oportunidad para sa isang pandaigdigang pagtitipon, kung saan mistula mismong sampung makalibo na makalibo-libo, at libo-libo at libo-libong tahasan na mga hetano, mga pagano, at iba pa, ang maaaring lumapit sa Iyo. Oh Panginoong Diyos, yamang ang Iyong Espiritu ay nasa puso ko, humaharap po ako sa Iyong altar, ngayong gabi, at humaharap sa Iyo, at sinasabi, "Tulungan Mo po ako, Oh Diyos. Nag-aalab ang puso ko sa kasigasigan. Iniibig Kita, Panginoon. Ibinibigay ko ang sarili ko sa sa Iyo, sa paglilingkod. Pangunahan Mo po ako kahit saan Mo ibig na pangunahan ako. Isugo Mo ako sa kahit saan Mo ibig na isugo ako, Panginoon. Magsalita Ka lamang at ako'y paroroon."

102 Pagpalain Mo po ang aking iglesya. Pagpalain Mo si Kapatid na Neville. Pagpalain Mo po ang lahat ng mga tao rito, ang mga baguhan sa aming mga pintuan. At ang mga pastor na ito na mangungusap, isa-isa, hanggang sa matapos ang gabi, dalangin ko, Diyos, na Iyong pagpapalain ang kanilang pagmiministeryo. Pagpalain Mo po si Kapatid na Neville. Pagpalain Mo si Kapatid na Junie Jackson. Si Kapatid na Beeler, lahat ng iba pang mga ministro na narito, pagpalain Mo sila, Ama. Pagkalooban Mo kami ng isang dakilang taon sa 1960.

103 Kami, Panginoon, na nakababatid na nakatagpo Ka namin, nang harapan, at batid ang halaga ng maipanganak muli ng Iyong Espiritu, pagkalooban Mo kami ng Iyong Walang Hanggang biyaya, para paglingkuran Ka. Sa Pangalan ni Jesus ay kami'y dumadalangin. Amen.

104 Iniibig n'yo ba Siya? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] 1960, huwag n'yong hayaan, na, "Nagbuklat ako ng isang bagong pahina." Huwag n'yong hayaang maging ganoon, na, "Susubukan ko na magpasimula ng isang bagong buhay." Bagkus ibunsod, na, "Nakatagpo ko ang Diyos, at mula noon, magmula noon, nagkaroon na ako ng kapayapaan na hindi kayang liripin ng pag-iisip. Nagkaroon ako ng galak na di-maipaliwanag, at puspos ng kaluwalhatian. Nagkaroon ako ng kaluguran. Kahit pa dumating sa akin ang kamatayan, ako'y paroroon sa mga bisig ng Diyos, sa mismong minuto matapos ang huli kong hininga. Kahit ano pa ang dumating at lumisan!"

105 Sige lang kung may magpapasabog, Linggo ng gabi, kung gusto nila. Gustuhin man nila, walang sasabog na bomba hanggang sa nasa Kaluwalhatian na tayo kasama Niya. Amen. Walang makakapanakit sa atin. Hallelujah!

106 Labis akong nagagalak na nakatagpo ko ang Diyos. Labis akong nagagalak na masasabi ko, "Mula noon." Minarkahan mismo ang pangyayari na 'yun! "Noong nakatagpo ko ang Diyos, may nangyari sa akin. Nabago ako, mula sa mismong minuto na 'yun. Nabago na ako, magmula noon." Labis akong nagagalak na ako'y nasa daan na ito, ngayong gabi, bilang isang patotoo sa Kaluwalhatian at sa Kapangyarihan ng Diyos. Isang munting abang bagay na narito, at bumaba roon ang Diyos at ipinagkaloob sa akin ang Kanyang biyaya, at iniligtas ako, at pinagaling ako, at pinuspos ako ng Kanyang Espiritu. At ibinunsod ako na maipangaral ang Kanyang Ebanghelyo, na siyang pinakadakilang karangalan sa mundo. Mula noon, hanggang ngayon, wala akong isa mang pinagsisisihan. Kundi ako'y nagpapasalamat pa mismo, sa lahat ng mga araw na ito, at magpapasalamat sa tuwina, sa buong Walang Hanggan, na nakatagpo ko ang Diyos.

Pagpalain kayo ng Diyos. Sige po, Kapatid na Neville.

59-1231 At Mula Noon
Branham Tabernacle
Jeffersonville, Indiana U.S.A.

TAGALOG

©2024 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org